Balita

Gloc-9

Lapit mga kaibigan at makinig kayo
Ako'y may dala dalang balita galing sa bayan ko
Nais kong ipamahagi ang mga kwento
At mga pangyayaring nagaganap sa lupang pinangako.

Ako ay pilipino sa isip at sa gawa
Ngunit bakit mga pinuno puro lamang salita
Isang gobyerno na kayang sikmurain at magtawanan
May pamilyang kumakain na kulang sa dalawang
Beses sa isang araw minsan wala pang pang lugaw
Bakit ganito kababaw isang pagkaing nilangaw
Ang dadamputin at kakainin ng batang gutom
Alam ba ng mga husgado at lahat ng hukom
Na merong mas masahol pa sa hatol na kamatayan
Yan ay ika'y maging mahirap sa sarili mong bayan
Mga bata na ang dapat na ginagawa'y maglaro
Bagkus ay agos ng pawis at magbanat ng buto
Upang kumita ng ilang pirasong pisong madungis
Kalyo sa kamay at paa na manhid sa matulis
Hindi manika ang hawak ng kanyang mumunting braso
Bagkus isang taong gulang nyang kapatid at may baso sa harapan
Na nagbabakasakaling lagyan baryang pambili ng tinapay na pang laman sa tiya
n
Mga pinunong bago mamatay at magkasakit
Sa sarap ng buhay sakin kayo ay makinig.

Duul mga kaigsuunan ugpami naw kamo
Duna koy dala nga mga balita gikan sa banwa ko
Gusto ko nga ipahibalo ang mga istorya
Na naga gahitabo sa banwa gisaad na to

Mga bakal na dumudura ng apoy at ng tingga
Tangan tangan at balot nakasuot ng pang digma
Bakit di mapag tugma ang mayaman at dukha
Sa pananaw ang kapalit ay hapis at pag luluksa
Pare-parehong sundalo muslim man o kristyano
Ilan man ang masawi di mo alam sinong panalo
Walang panalo dahil sa huli tayo ang talo
Pinoy ang nasa loob ng ataul na sinarado
Yan ba talaga ang sumpa dito sa lupang
Pinangako respeto't pagmamahalan ay pilit na tinatago
Lawin hindi maka dapo may pakpak na limitado
At naka kulong sa seldang may walang susing kandado
Kaylan kaya matatapos ang pag agos ng dugo
At ang kpayapaay mahawakan ng buong buo
Yan ba ang kwento o tanong na pilit na humahawi
Sa bawat taong bahagi ng watawat na hinapi

Duul mga kaigsuunan ugpami naw kamo
Duna koy dala nga mga balita gikan sa banwa ko
Gusto ko nga ipahibalo ang mga istorya
Na naga gahitabo sa banwa gisaad na to

Lapit mga kaibigan at makinig kayo...

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!